# Ang Pamilya sa Loob ng mga Teleserye sa Telebisyon

Ma. Rita R. Aranda
Departamento ng Filipino
Pamantasang De La Salle-Maynila
aranda_rita@yahoo.com

Ang telebisyon ay isang mahalagang uri ng libangan na may malaking impluwensya sa lahat ng tao. Ito ay may mahalagang gampanin sa paghubog ng kamalayan ng tao at kung paano niya tinitingnan at hinuhugis ang mundo. Ang mahabang oras na inilalaan sa panonood ay nagdudulot ng positibo at negatibong epekto sa pag-iisip at pag-uugali ng manonood. Maraming programa ang maaaring panoorin ngunit ang pinakapopular na programang madalas panoorin ay ang mga teleserye..

Maraming Pilipino ang nanonood ng mga teleserye lalo na sa hapon at gabi at kadalasan mga babae, kabataan, nanay at nagtatrabaho sa loob ng bahay ang tumatangkilik dito. Ang panonood ng soap opera ay nakaiimpluwensya nang malaki sa pagbabago ng pananaw at pag-uugali ng mga manonood tungkol sa kasalukuyang konsepto ng pamilya. Sa maraming pagkakataon ay naiimpluwensyahan nito ang paraan ng pagdadala ng pamilya, pagdidisiplina sa mga anak at pagdedesisyon sa loob ng tahanan.

Ang pananaliksik ay tumalakay sa kasalukuyang imahe at konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakikita ng mga teleserye at ang impluwensya nito sa pagbabago ng pananaw at pag-uugali ng mga manonood tungo sa Pilipinong pagpapamilya. Layunin nitong (1) ilarawan at tukuyin ang kasalukuyang konsepto ng pamilyang Pilipinong ipinakikita ng mga teleserye, (2) alamin ang mga epekto nito sa pag-uugali at pananaw na nakukuha sa araw-araw na panonood, at (3) kung paano nababago ng teleserye ang pagtingin at paglutas sa mga problemang pampamilya.

Sa isinagawang panonood ng mga teleserye ng ABS CBN at ng GMA 7 at pag-interbyu sa mga manonood nito, napatunayang naimpluwensyahan ng teleserye ang pananaw at pag-uugali ng mga manonood lalo na sa paglutas sa mga suliraning pampamilya. Ang mga napapanood sa teleserye ay ginagawang batayan at gabay sa paggawa ng desisyon sa loob ng pamilya. Higit sa lahat, ito ay nagbibigay ng impormasyon at patern kung paano nilulutas ang mga problemang pampamilya at natutulungan ang mga manonood na magkaroon ng positibong pagtingin sa pamilya sa kabila ng mga problemang nararanasan ng bawat miyembro nito.

**Mga Susing Salita:** pamilya; soap opera; pananaw; Impluwensya; pamilyang Pilipino